


# GABAY PARA SA LIGTAS NA PAGBIBISIKLETA

Nilikha mula sa hp ng Metropolitan Police Department at Hokkaido Police Department.

## KALIGTASANG PAGSURI NG BISIKLETA

**Bago sumakay ng bisikleta, siguraduhing suriin ang mga sumusunod na puntos at ayusin ang bikleta kung kailangan..**

1. Ang manibela ay naka locked nang tama sa gulong sa harapan.
2. Ang pedal ay hindi baliko at hindi gumagalaw.
3. Ang kadena ay hindi maluwag, walang kalawang at maayos na umiikot.
4. Maayos ang break sa harap at likod.
5. Walang gasgas ang gulong at sapat ang hangin nito.
6. Maliwanag ang ilaw sa harapan.
7. May ilaw at reflector sa likod（sa likod o kaya ay sa gilid）na nakalagay.
8. Wastong pagkakabit ng mga piyesa ng bisikleta.
9. Nakalocked ang upuan, abot hanggang baba ng dalawang paa ang taas nito
10. Ang upuang pang ankas ay hindi gumagalaw at walang sira.
11. Ang stand ay nakakatayo nang maayos, at hindi umuuga.
12. Hindi maluwag at umuuga ang takip ng gulong.




**Pag-iingat**

**Suriin nang mabuti** ang bisikletang hindi ginamit sa panahon ng taglamig!





# "5 PATAKARAN PARA SA LIGTAS NA PAGGAMIT NG BISIKLETA"

## 1 Ang Bisikleta, dapat sa daanan ng mga sasakyan,hindi dapat sa daanan ng mga tao o sidewalk.



- Ang bisikleta ay kauri ng mga sasakyan, kaya dapat ito sa daanan ng mga ito.
  Parusa：Makukulong ng 3 buwan o kaya ay penalty ng 50,000 yen.
- Ang bisiklekta ay dapat patakbuhin sa gawing kaliwa ng daan.
  parusa：Makukulong ng 3 buwan o kaya ay penalty ng 50,000 yen.
- Mga sitwasyon na maaaring mamisikleta sa sidewalk.
  - Kung may naka paskil na "permiso sa bisikleta na dumaan sa sidewalk".
  - Kung ang namimiksekleta ay may edad na 13 pababa o 70 pataas at mga taong may kapansanan.
  - Kung may matagal na construction sa daan at sumisikip ang daanan ng mga sasakyan.

  Parusa：Penalty ng 20,000 yen pababa o kaya ay fine.




- Priority ang mga tao sa sidewalk, kung dadaan sa sidewalk dapat ay sa gawi ng mga sasakyan at kung makakaabala sa mga taong dumaraan, kailangang tumigil pansamantala.
  Parusa：Penalty ng 20,000 yen pababa o kaya ay fine.

## 2 Dapat sundin ang stoplight at pagtigil sa interseksyon, suriin ang kaligtasan nito

- Dapat na sumunod sa stoplight ang namimiksikleta kung ito ay nasa daanan ng mga sasakyan.
  Parusa：Makukulong ng 3 buwan pababa o kaya ay penalty ng 50,000 pababa yen.




- Tumigil sa interseksyon at alamin ang kaligtasan ng bawat gawi (kanan at kaliwa)
  Parusa：Makukulong ng 3 buwan pababa o kaya ay penalty ng 50,000 pababa yen



## 3 Dapat I on ang ilaw sa gabi



- I on ang ilaw sa gabi, gumamit ng bisiklektang may wastong reflector
  Parusa：Penalty ng 50,000 yen pababa.

## 4 Bawal mamisikleta kung nakainom ng alak



- Tulad ng pagmamaneho ng sasakyan, hindi pinapayagang mamisikleta kung nakainom ng alak.
  Parusa：Pagkakulong nang 5 taon pababa o kaya ay penalty ng 1,000,000 yen pababa (Kung nag maneho nang lasing).


## 5 Gumamit ng helmet na pangbisikleta



Ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang wala pang 13 taon gulang ay lailangang pagamitin ng helmet kung sasakay ng bisikleta. Ang lahat ng siklista hindi lamang mga bata, ay kailangang magsikap gumamit ng helmet.

# MGA IPINAGBABAWAL

## Huwag pumasok sa riles ng tren kung nakababa na ang bar



Huwag pumasok sa riles ng tren kung pababa na ang bar at habang tumutunog ang alarma nito

Parusa：Pagkakulong ng 3 buwan pababa o kaya ay penalty ng 50,000 yen pababa.

## Sira ang Break（Hindi maayos o hindi kumpleto）ng Bisikleta



Nararapat na may break sa harap at likod na gulong ng bisikleta

Parusa：Penalty ng 50,000 yen pababa.

## Nakapayong habang namimisikleta



Ang pagpapayong ay nakakasagabal sa paningin at maaaring makawala ng balanse sa pamimisikleta kaya hindi ito nararapat gawin.

Parusa：Penalty ng 50,000 yen pababa atbp.

## Paggamit ng telepono habang namimiksikleta



Hindi nararapat na gumamit ng telepono sa pakikipag usap, pag e mail at iba pa habang namimisikleta.

Parusa：Pagkakulong ng 6 na buwan o kaya ay penalty ng 100,000 yen pababa（Taong nagkasala）

## Paggamit ng Ear phone habang namimisikleta



Dahilan sa paggamit ng ear phone at pakikinig ng musika, hindi maririnig ang mga tunog sa paligid kaya hindi ito nararapat gawin habang namimisikleta.

Parusa：Penalty ng 50,000 yen pababa

## Pamimisikleta nang magkahilera



Hindi nararapat na humilera sa ibang namimisikleta

Parusa：Penalty ng 20,000 yen o kaya ay fine



Upang maiwasan ang aksidente dulot ng paggamit ng telepono o pagbibisikleta kahit nakainom, simula sa ika-1 ng Nobyembre 2024 **ay nagkaroon ng bagong parusa para sa delikadong pagbibisekleta**. Para sa detalye, mangyaring basahin ang leaflet na nilikha ng Metropolitan Police Department.

www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=8730062336999

## KUNG MAGKAROON NG AKSIDENTE



1 **Itigil agad ang bisikleta.**

2 **Itabi sa gilid ng daan ang bisikleta upang hindi maabala sa mga nagdadaang tao o sasakyan.**



3 **Tumawag ng ambulansya sa "119" kung may nasugatan.**

Habang hinihintay ang ambulansya, gumamit ng malinis na panyo upang patigilin ang paglabas ng dugo at alalayan ang taong sugatan subalit huwag itong pakikilusin kung hindi kailangan.



4 **Tumawag ng pulis sa "110" may sugatan man o wala.**

Hindi nararapat na umalis mula sa lugar ng aksidente hangga't hindi dumarating ang pulis at bilang nagmamaneho ayon sa batas, obligado mong sabihin ang buong pangyayari ng aksidente

## PAGKUHA NG INSURANCE PARA SA SEGURIDAD

**Para sa mga gagamit ng bisikleta, kumuha ng insurance para sa seguridad.**

- Maaaring magkaroon ng pasanin na magbayad nang malaking halaga kapag nakabangga.
- Alamin ang mga sakop ng insurance pagkatapos kumuha nito.



## PANGUNAHING PARAAN UPANG HINDI MANAKAW ANG BISIKLETA



1 **Palaging Doblehin ang susi ng inyong bisikleta kahit na sa sandaling oras na iiwanan ito！！**


Hindi nag-aaksaya ng oras ang magnanakaw ng bisikleta kaya bukod sa sariling susi nito, mas mainam na gumamit ng iba pang pang lock tulad ng kadena



2 **Huwag maging tiwala kahit na sa parking ng bisikleta, hangga't maaari ikabit sa isang matibay na bagay at susian itong mabuti！！**

3 **Nararapat na ipa rehistro ang bisikleta！！**

Ang pagpaparehistro ay makakatulong upang makaiwas na manakaw ang bisikleta at madaling ma detect kung saan iniwan ito kaya nararapat nating iparehistro ang bisikleta.




www.hiecc.or.jp/soudan support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845